Ang dokumentong ito ay hinango mula sa mga sanggunian/materyal ng Alberta Health Services at isinalin ng isang ikatlong partido (third party).

# Sumaryo ng AHS School Immunization Program Para sa Mga Magulang

Nobyembre 21, 2022

## Aling mga bakuna ang ibinibigay sa mga paaralan at sa anong mga baitang?

| Baitang | Bakuna | Karagdagang Impormasyon |
|---|---|---|
| **6 na Baitang** | Hepatitis B (HBV) Vaccine | • 2 dosis, 6 na buwan ang pagitan kapag ibibigay sa 6 na Baitang<br>• Ang HBV Vaccine Mga Madalas Itinatanong<br>• Higit pang impormasyong tungkol sa bakuna ng HBV ang nasa website ng Immunize AB |
| | Human Papillomavirus (HPV-9) Vaccine | • 2 dosis sa higit 6 na buwan kapag ibibigay sa 6 na Baitang na edad<br>• Ang HPV-9 Vaccine Mga Madalas Itinatanong<br>• Higit pang impormasyon tungkol sa bakuna ng HPV-9ang nasa website ng Immunize AB |
| **9 na Baitang** | Diphtheria, Tetanus, Acellular Pertussis (dTap) Vaccine | • 1 dosis sa 9 na Baitang (dagdag sa naunang mga dosis na ibinigay noong mas bata pa)<br>• Ang dTap Vaccine Mga Madalas Itinatanong<br>• Higit pang impormasyon tungkol sa bakuna ng dTap ang nasa website ng Immunize AB |
| | Meningococcal Conjugate A, C, Y, W-135 (MenC-ACYW) Vaccine | • 1 dosis sa 9 na Baitang<br>• Ang MenC-ACYW Mga Madalas Itinatanong<br>• Higit pang impormasyon tungkol sa bakuna ng MenC-ACYW ang nasa website ng Immunize AB |

## Kailan ko malalaman ang mga petsa ng smga klinika ng pagbabakuna sa paaralan?

Ipapaalam ng paaralan ng anak mo ang mga petsa ng mga klinika ng pagbabakuna sa paaralan.

## Ano ang proseso sa pagbibigay ng pahintulot ng magulang para makasali ang anak ko sa isang programa ng pagbabakuna na nakabatay sa paaralan?

Bago ma-immunize ang iyong anak sa kanyang paaralan, kinakailangan ang pahintulot ng magulang. Makatatanggap ka ng package mula sa iyong paaralan na may impormasyon tungkol sa bakunang ibibigay at isang form ng pahintulot. Magtatanong ang form ng pahintulot sa iyo ng tungkol sa kasaysayan ng kalusugan ng anak mo, kabilang ang mga karamdaman at allergy. Sa pamamagitan ng form na ito na aming masisiguro na ligtas na mai-immunize ang anak mo gamit ang inaalok na bakuna. Tiyaking babasahin mo ang form at ang lahat ng ibang impormasyong ibibigay sa iyo, at kumpletuhin ng buo ang form.

**Mangyaring tandaan na padadalhan ka ng bagong package sa impormasyon at form ng pahintulot para sa bawat bakunang inaalok sa mga paaralan.** Kung magbibigay ka ng pahintulot sa isang bakuna, sumasang-ayon ka na tatanggap ang anak mo ng lahat ng mga dosis na kailangan niya sa bakunang iyon. Maaaring umabot ng higit sa 1 taon sa paaralan para makuha ng anak mo ang lahat ng dosis ng bawat bakuna. Ang iyong pahintuloy ay nananatiling may bisa hanggang matanggap ng anak mo ang lahat ng kailangan niyang dosis maliban kung i-urongmo (bawiin) ang iyong pahintulot o kung magbabago ang kalusugan ng anak mo. Kung magbabago ang kalusugan ng anak mo o gusto mong i-urong ang iyong pahintulot, pakitawagan ang public health nurse ng iyong paaralan para ipaalam sa kanila.

## Anong impormasyon ang ibinabahagi sa mga mag-aaral tungkol sa mga immunization?

Bibigyan ang mga mag-aaral ng isang pagtatanghal tungkol sa mga bakuna na maaaring matatanggap nila at kung paano ito gumagama sa katawan. Bibigyan din sila ng pangkalahatang ideya kung ano ang mangyayari sa araw ng immunization at kung ano ang maaaring gawin nila para maghanda kabilang ang mga istratehiya sa pagmamahala ng kanilang karanasan. Impormasyon kung ano ang maiuuwi nila sa kanilang mga magulang pati na rin kung ano ang kailangan nila upang bumaliksa paaralan. Anumang mga katanungan ay tinalakay sa oras na ito.

## Paano ako makakapaghanda sa mga immunization ng anak ko?

1. Kausapin ang anak mo tungkol sa immunization. Ang mas matatandang bata at tin-edyer ay mas malamang na may mga tanong tungkol sa kung bakit nila kailangan ang immunization, at magandang panahon ito para tulungan silang maunawaan na tutulungan sila ng immunization para hindi magkasakit.
2. Kausapin ang anak mo tungkol sa mga bagay na ginawa mo para tulungan sila sa pamamagitan sa mga nakaraang appointment sa immunization. Makakatulong ito sa iyo at sa iyong anak na magpasya tungkol sa mga istratehiya na magagamit niya ngayon, para maibsan ang anumang pagkabalisa na maaaring nararamdaman nila bago o sa panahon ng kanilang immunization.

3. Tulungan ang anak mo na maghanda at dalhin ang kailangan nila para mawala ang kaba at mapanatag sila.
4. Ipaalam sa public health nurse ng iyong paaralan kung ang anak mo ay:
    - Nagkaroon ng malubhang side effect sa isang immunization sa nakaraan,
    - May anumang karamdaman na nakalista sa "Sino ang hindi dapat magpabakuna ito?" sa seksiyon ng sheet ng impormasyont,
    - May mahinang immune system dahil sa gamot na iniinom nila o sa isang kundisyon sa kalusugan, o
    - Tumanggap ng alinman sa mga bakunang ito mula sa iba pang provider, tulad ng isang doktor o parmasiyutiko o sa isang paglalakbay na klinika (hal. sa ibang probinsya)

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagpapabuti sa karanasan ng anak mo sa pagpapabakuna, mangyaring bisitahin ang:

- Katapatan sa Kaluwagan | Alberta Health Services
- Pagpapabuti sa Karanasan sa Pagpapabakuna:Isang Gabay Para sa Mga Magulang at Mga Tagapag-alaga
- Mga Tip Para Mas Padaliin ang Immunization sa Mga Bata (albertahealthservices.ca)

## Ano ang maaaring maranasan ng anak ko pagkatapos ng immunization?

Ang mga side effect na maaaring magkaroon ang anak mo pagkatapos ng immunization ay depende sa kung anong bakuna ang natanggap niya. Para hanapin ang impormasyong ito, i-click ang pangalan ng bakuna sa Iskedyul sa Karaniwang Pagbabakuna o sa listahan ng Mga Sheet ng Inpormasyon ng Bakuna. Kakailanganin ng Public Health Nurse na manatili ang anak mo nang hindi bababa sa 15 minuto pagkatapos ng kanyang immunization. Ito ay pinapayagan sa Public Health Nurse na matukoy at magamot agad ang anumang alerdyi reaksiyon na maaaring mangyari.

Bibihira na magkaroon ng isang seryosong side effect. Tawagan ang Health Link sa 811 para ireport ang anumang seryoso o di-pangkaraniwang mga side effect.

## Paano ko mapapamahalaan ang mga sintomas ng anak ko pagkatapos ng immunization?

Anuman ang edad ang anak mo, normal lang sa kanya na makaranas ng ilang karaniwan, banayad at pansamantalang mga sintomas pagkatapos ng immunization.

Narito ang ilang mga tip para pamahalaan ang mga banayad na sintomas na ito:

- Lagnat. Mayroong gamot (hal. acetaminophen o ibuprofen) na pantanggal ng lagnat. Magtanong sa iyong parmasyutiko o doktor kung hindi ka sigurado kung anong gamot ang ibibigay o anong dosis. Sundin ang mga direksyon sa package. Kung hindi ka sigurado kung may kaugnayan ang lagnat ng anak mo sa immunization, tumawag sa 811 para sa Health Link o kausapin ang iyong doktor o directions, bago bigyan ng gamot ang anak mo.
- Pamamaga, pamumula, o pananakit sa bahagi kung saan siya tinurukan. Maglagay ng malamig at basang tela sa bahaging tinurukan. May gamot na pantanggal ng kirot. Magtanong sa iyong directions o doktor kung hindi ka sigurado kung anong gamot o dosis ang iinumin. Sundin ang mga direksyon sa package.
- Hindi dapat uminom ng aspirin ang mga batang mababa sa 18 taong gulang. Pinatataas ng aspirin ang panganib ng isang bihira ngunit seryosong sakit na tinatawag na Reye Syndrome.

- Pagod na pakiramdam, madaling nagagalit at ayaw kumain. Minsan maaaring makaramdam ng pagod ang isang sanggol, mabilis magalit, at ayaw kumain nang ilang oras pagkatapos ng immunization. Planuhing magrelaks sa isang tahimik na kapaligiran sa bahay pagkatapos ng immunization. Hawakan at yakapin ang anak mo kapag kinakailangan, at tandaan na panatilihing ang temperatura sa isang komportableng antas – ang iyong anak ay kadalasan nagagalit kung sobra siyang maiinitan.

## Saan ako pupunta para makakuha ng higit pang impormasyon?

- Isang gabay para sa Mga Magulang at Mga Tagapag-alaga: Pagpapabuti sa Karanasan sa Pagpapabakuna
- Para sa mga mag-aaral: Paano Magkaroon ng Mas Positibong Karanasan sa Pagpapabakuna
- Mga Iskedyul ng Bakuna sa Alberta | Alberta Health Services
- Katapatan sa Kaluwagan | Alberta Health Services
- Immunization sa Alberta | Alberta Health Services

## Sino ang dapat kong kontakin kung mayroon akong iba pang mga katanungan?

Mangyaring kumontak sa school administrator at/ o sa Public Health Nurse na nakatalaga sa paaralan ng iyong anak.